# *Ang Kapayapaan ng Dios Yugto 2*

Ang mga sumusunod ay ang mga utos na ibinigay ng Dios sa mga saserdote sa aklat ng Malakias: ***"1 At ngayon, Oh kayong mga saserdote, ang utos na ito'y sa inyo. 2 Kung hindi ninyo didinggin, at kung hindi ninyo ilalagak sa inyong puso upang bigyang kaluwalhatian ang aking pangalan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, magpapasapit nga ako ng sumpa sa inyo, at aking susumpain ang inyong kapalaran; oo, akin na silang sinumpa, sapagka't hindi ninyo inilagak sa inyong puso. 3 Narito, aking sisirain ang inyong binhi, at magsasabog ako ng dumi sa harap ng inyong mga mukha, sa makatuwid baga'y ng dumi ng inyong mga kapistahan; at kayo'y pawang ilalabas na kasama niyaon. 4 At inyong malalaman na aking ipinasugo ang utos na ito sa inyo, upang ang aking tipan kay Levi ay manatili, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 5 Ang aking tipan ay buhay at kapayapaan sa kaniya; at aking mga ibinigay sa kaniya upang siya'y matakot; at siya'y natakot sa akin, at siya'y nagpakababa sa aking pangalan. 6 Ang kautusan tungkol sa katotohanan ay nasa kaniyang bibig, at ang kalikuan ay hindi nasumpungan sa kaniyang mga labi: siya'y lumakad na kasama ko sa kapayapaan at katuwiran, at inilayo sa kasamaan ang marami. 7 Sapagka't ang mga labi ng saserdote ay dapat mangagingat ng kaalaman, at kanilang marapat hanapin ang kautusan sa kaniyang bibig; sapagka't siya ang sugo ng Panginoon ng mga hukbo. 8 Nguni't kayo'y nagsilihis sa daan; inyong itinisod ang marami sa kautusan; inyong sinira ang tipan ni Levi, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 9 Kaya't kayo'y ginawa ko namang hamak at pinakamababa sa harap ng buong bayan, ayon sa hindi ninyo pagkaingat ng aking mga daan, kundi tumangi kayo ng mga pagkatao sa kautusan." (Malakias 2:1-9 KJV)***

Ang ilan ay sinasabi nila na ang mga saserdote ay nasa Lumang Tipan, ngunit ngayon tayo ay nasa biyaya ni Jesus. Si Pedro na tinawag ni Jesus at sa kanya ay itinatag ang Kanyang simbahan, ay tinatawag na mga mananampalataya ni Cristo bilang, ***"makaharing pagkasaserdote"***: ***"9 Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:" (1 Pedro 2:9 KJV)*** Kaya nararapat nating basahin at ipamuhay ang itinuro ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang propetang si Malakias. Binanggit ng Dios na ang Kanyang tipan kay Levi ay isang tipan ng buhay at kapayapaan, ***"Ang aking tipan ay buhay at kapayapaan sa kaniya;" (Malakias 2:5 KJV)*** Ang Dios nang tinawag Niya tayo para paglingkuran Siya, may tipan tayo sa Kanya na mula sa Kanya tatanggapin natin ang buhay na walang hanggan at kapayapaan, ***"2 Biyaya at kapayapaan ang sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Dios at kay Jesus na Panginoon natin;" (2 Pedro 1:2 KJV)*** Ang buhay at kapayapaan ay nagmula sa Dios, ngunit kailangan nating pagsumikapan ito sa pamumuhay ng mga sumusunod:

***1. Kailangan nating matakot sa Dios: "5 Ang aking tipan ay buhay at kapayapaan sa kaniya; at aking mga ibinigay sa kaniya upang siya'y matakot; at siya'y natakot sa akin, at siya'y nagpakababa sa aking pangalan." (Malakias 2:5 KJV)*** Ang Dios ay napakaseryoso sa atin at kailangan Niya sa atin na sumunod sa Kanyang Salita at mga utos.

***2. Pagsasabi ng katotohanan kahit na magalit ang mga tao sa atin: "6 Ang kautusan tungkol sa katotohanan ay nasa kaniyang bibig, at ang kalikuan ay hindi nasumpungan sa kaniyang mga labi: siya'y lumakad na kasama ko sa kapayapaan at katuwiran, at inilayo sa kasamaan ang marami." (Malakias 2:6 KJV)*** * Upang hayaang dumating sa ating buhay ang tunay na kapayapaan ng Dios, dapat nating sabihin ang katotohanan sa mga tao, kahit ayaw nilang makinig sa atin o kahit na magalit sila rito, kailangan pa rin nating sabihin sa kanila ang katotohanan at huwag makikompromiso; na ibig sabihin niyon, ***: siya'y lumakad na kasama ko sa kapayapaan at katuwiran"*** Pagpanig sa mga kasalanan ng mga tao at pagkukulang na ginagawa nila laban sa Dios ay magpapasiklab ng poot ng Dios sa atin at laban sa mga taong pinaglilingkuran natin. Ang pagpanig sa mga tao ay pagtataksil na pagkilos laban sa Dios. Dapat tayong may kamalayan na huwag makipagkompromiso sa mga tao sa pagpayag sa kanilang mga kasalanan dahil iyon ay magsusulong ng galit at paninibugho ng Dios. * Hindi lamang iyon. Kundi isipin natin ang tungkol sa mga tao at ibigin natin sila sa totoong paraan. Kung tayo, na tinawag ng Dios ay hindi sasabihin sa kanila ang katotohanan at magsasalita sa kanila na malaman ang kanilang mga kasalanan, kung gayon, hindi nila tatalikuran ang kanilang mga kasalanan. Hindi babaguhin ng Dios ang mga tao at alinman na pagpalain sila o pagpalain tayo kung magpapatuloy tayo sa gayong pag uugali at maling pagkaunawa.

***3. Pagsumikapang ipahayag ang Salita ng Dios sa mga tao sa isang matalino at nakakahiyat na paraan upang makaalis sila sa kanilang mga kasalanan: "7 Sapagka't ang mga labi ng saserdote ay dapat mangagingat ng kaalaman, at kanilang marapat hanapin ang kautusan sa kaniyang bibig; sapagka't siya ang sugo ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakias 2:7 KJV)*** Sinugo tayo ng Dios upang sabihin ang Kanyang tuntunin sa mga tao sa gayo'y maliwanagan sila sa Salita ng Dios.

***4. Dapat tayong manatili sa mga daan ng Dios at hindi upang sirain ang tipan ng kapayapaan na mayroon tayo sa Dios: "8 Nguni't kayo'y nagsilihis sa daan; inyong itinisod ang marami sa kautusan; inyong sinira***

***ang tipan ni Levi, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakias 2:8 KJV)*** Hindi natin dapat pahintulutan ang anumang bagay na dumating sa pagitan natin at ng Dios at gambalain ang malapit na kaugnayang iyon na mayroon tayo sa Dios. * Ang mga pangyayari ay darating sa ating buhay na itutulak ni Satanas at sisikaping ipakilala at susubukang kumbinsihin tayong tanggapin ang mga kasalanan o maling gawain at paraan na sumasalungat sa Salita at sa mga daan ng Dios. Samakatuwid mas kailangan nating maging alerto hindi upang payagan ang mga ganoong bagay na mangyari sa gitna natin.

***5. Kailangan nating magkaroon ng kasigasigan sa Panginoon:*** Sa Bilang kabanata ***25*** sinasabi dito ang tungkol sa kung paanong itinatag ang tipang ito ng kapayapaan sa pagitan natin at ng Dios: ***"1 At ang Israel ay tumahan sa Sittim, at ang bayan ay nagpasimulang magkasala ng pakikiapid sa mga anak na babae ng Moab: 2 Sapagka't kanilang tinawag ang bayan sa mga hain sa kanilang mga dios; at ang bayan ay kumain at yumukod sa kanilang mga dios. 3 At ang Israel ay nakilakip sa diosdiosang Baal-peor; at ang galit ng Panginoon ay nagningas laban sa Israel. 4 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ipagsama mo ang lahat ng pangulo sa bayan at bitayin mo sila sa Panginoon sa harap ng araw, upang ang maningas na galit ng Panginoon ay mapawi sa Israel. 5 At sinabi ni Moises sa mga hukom sa Israel, Patayin ng bawa't isa sa inyo yaong mga nakilakip sa diosdiosang Baal-peor. 6 At, narito, isa sa mga anak ni Israel ay naparoon at nagdala sa kaniyang mga kapatid ng isang babaing Madianita sa paningin ni Moises, at sa paningin ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel, samantalang sila'y umiiyak sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. 7 At nang makita ni Phinees, na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ay tumindig siya sa gitna ng kapisanan, at humawak ng isang sibat sa kaniyang kamay; 8 At siya'y naparoon sa likod ng lalaking Israelita sa loob ng tolda, at kapuwa niya sinaksak, ang lalaking Israelita at ang babae sa kaniyang tiyan. Sa gayon ang salot ay natigil sa mga anak ni Israel. 9 At yaong nangamatay sa salot ay dalawang pu't apat na libo. 10 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 11 Pinawi ni Phinees na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ang aking galit sa mga anak ni Israel, sa paraang siya'y nagsikap dahil sa aking pagsisikap sa kanila, na anopa't hindi ko nilipol ang mga anak ni Israel sa aking sikap. 12 Kaya't sabihin mo, Narito, ako'y nakikipagtipan sa kaniya tungkol sa kapayapaan: 13 At magiging kaniya, at sa kaniyang binhi pagkamatay niya, ang tipan ng pagkasaserdoteng walang hanggan; sapagka't siya'y nagsikap sa kaniyang Dios, at tumubos sa mga anak ni Israel. 14 Ang pangalan nga ng lalaking Israelita na napatay, na pinatay na kalakip ng babaing Madianita ay Zimri na anak ni Salu, na prinsipe sa isang sangbahayan ng mga magulang sa mga Simeonita. 15 At ang pangalan ng babaing Madianita na napatay ay Cozbi, na anak ni Zur; siya'y prinsipe sa bayan ng isang sangbahayan ng mga magulang sa Madian. 16 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 17 Bagabagin ninyo ang mga Madianita, at inyong saktan sila: 18 Sapagka't kanilang binagabag kayo ng kanilang mga lalang na kanilang ipinangdaya sa inyo sa bagay ng Peor, at sa bagay ni Cozbi, na anak na babae ng prinsipe sa Madian, na kanilang kapatid na namatay nang kaarawan ng salot dahil sa Peor." (Bilang 25:14-15 KJV)***

Ang bayan ng Dios ay nagsimulang magkasala sa pamamagitan ng paggawa ng imoralidad sa mga kababaihan ng Moab at Midianita na nag akay rin sa kanila sa pagsamba sa mga dios-diosan. Hiniling ng Dios kay Moises na patayin ang mga gumawa niyon. Samantala ang mga Israelita, "***6 At, narito, isa sa mga anak ni Israel ay naparoon at nagdala sa kaniyang mga kapatid ng isang babaing Madianita sa paningin ni Moises, at sa paningin ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel, samantalang sila'y umiiyak sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan." (Bilang 25:6 KJV)*** Malinaw na pagsuway ito sa utos ng Dios at sa buong kapisanan nang dalhin ng lalaking iyon ang babaeng iyon sa harap ng lahat sa kanyang tolda, sa kabila ng alam niyang kasalanan iyon. Nakita ng lahat ang ginawa ng lalaking iyon, ngunit tanging si Phinees lamang ang kumilos sa paraang mapasaya ang Dios sa pamamagitan ng pagwawakas sa lalaki at babae na iyon at pagwawakas sa imoral na kasalanan na kanilang ginagawa laban sa Dios at laban sa Kanyang bayan. ***"7 At nang makita ni Phinees, na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ay tumindig siya sa gitna ng kapisanan, at humawak ng isang sibat sa kaniyang kamay; 8 At siya'y naparoon sa likod ng lalaking Israelita sa loob ng tolda, at kapuwa niya sinaksak, ang lalaking Israelita at ang babae sa kaniyang tiyan. Sa gayon ang salot ay natigil sa mga anak ni Israel" (Bilang 25:7-8 KJV)*** Nakilala ito sa lahat na isang kasalanan, ngunit isang tao lamang, si Phinees, ang may pagsisikap para sa Panginoon. Isa lamang mula sa kanila ang kanyang puso ay nakipag isa sa Dios at nakipag isa na gumawa ng mga bagay upang mapasaya ang Dios. Pansinin din na hindi naghihintay si Phineeas na may magtuturo sa kanya o may maghihikayat sa kanya o magbibigay sa kanya ng utos na gawin ito. Nang gawin niya iyon, sinabi ng Kasulatan ***"Sa gayon ang salot ay natigil sa mga anak ni Israel" (Bilang 25:7-8 KJV)*** Ngayon makikita nating maliwanag kung paanong kumilos ang Dios upang tapusin ang mga kasalanan at kaguluhan ng mga tao. Kapag nananahimik tayo at wala tayong ginagawa dito para itama ito ay lalo nating pinaiigting ang galit ng Dios. Ngunit kapag hinarap natin ito nang wasto ay inililigtas natin ang iba at pinapanatili natin ang kapayapaan at ang tipan ng kapayapaan na mayroon tayo sa Dios. Ang Panginoon sa ginawa ni Phinees, pinasimulan Niya ang Kanyang tipan ng kapayapaan sa kanya***, "10 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 11 Pinawi ni Phinees na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ang aking galit sa mga anak ni Israel, sa paraang siya'y nagsikap dahil sa aking pagsisikap sa kanila, na anopa't hindi ko nilipol ang mga anak ni Israel sa aking sikap. 12 Kaya't sabihin mo, Narito, ako'y nakikipagtipan sa kaniya tungkol sa kapayapaan: 13 At magiging kaniya, at sa kaniyang binhi***

***pagkamatay niya, ang tipan ng pagkasaserdoteng walang hanggan; sapagka't siya'y nagsikap sa kaniyang Dios, at tumubos sa mga anak ni Israel." (Bilang 25:10-13 KJV)***

***6. Kailangan nating maging mas may kamalayan tungkol sa kung ano ang magdudulot ng kapayapaan sa ating buhay at sa buhay ng simbahan: "14 Ang pangalan nga ng lalaking Israelita na napatay, na pinatay na kalakip ng babaing Madianita ay Zimri na anak ni Salu, na prinsipe sa isang sangbahayan ng mga magulang sa mga Simeonita. 15 At ang pangalan ng babaing Madianita na napatay ay Cozbi, na anak ni Zur; siya'y prinsipe sa bayan ng isang sangbahayan ng mga magulang sa Madian." (Bilang 25:14-15 KJV)*** Ang kahulugan ng Zimri ay 'musika', at ang kahulugan ng Cozbi ay 'ang aking kasinungalingan'. Ngayon isang araw na musika ay lumapastangan sa mga simbahan sa isang malalim na paraan. * Hindi ako nagsasalita laban sa paggamit ng musika sa pagsamba, ngunit hindi ito dapat gamitin nang higit pa sa dapat paggamit ng Salita ng Dios sa pag-akit sa mga tao sa katotohanan at sa pagwawasto sa kanila at paglayo sa kanila mula sa mga kasalanan. * Ngayon kung ang musika ay magiging mangingibabaw at ang simbahan ay mas nababahala tungkol dito nang higit pa kaysa sa Salita ng Dios, at kapag ang iba pang mga bagay gaya ng make up, damit, pabango, pagkain, pagkakaibigan at pagpapapuri sa kalagitnaan natin, kung gayon si Cozbi 'ang aking kasinungalingan', ay hindi mahihirapan si Satanas na ipadala siya sa simbahan. Nang dalhin ni Zimri ang babae sa kanyang tolda, kung may magtatanong sa kanya kung sino siya Malamang sasagot siya at sasabihing, 'Cozbi' o 'asawa ko'. * Ngayon marami ang nakikipag-ugnayan sa mga babae sa labas ng buhay may-asawa at itinuturing nila itong 'asawa ko', ngunit ang katotohanan ay Cozbi o ang aking kasinungalingan', at sa ilalim ng pamantayang ito maaari kang makahanap ng kasintahang lalaki, kasintahang babae, diborsyo at pangalawang pag aasawa, pangalawa o pangatlong asawa, mga magulang na nag-asawa sa hindi sa ama ni ang ina ng kanyang anak o mga anak. * Marami ang gumagawa ng pansarili nila at kung tatanungin mo sila, bakit mo ginagawa iyon? Sasagutin ka nila at sasabihing 'Buhay ko ito'. Sinabi ni Isaias ang tungkol sa mga taong namumuhay sa pagsamba sa mga dios-diosan ang mga sumusunod:

***"Siya'y kumain ng abo: iniligaw siya ng nadayang puso, at hindi niya mailigtas ang kaniyang kaluluwa, o makapagsabi, Wala bagang kabulaanan sa aking kanang kamay?" (Isaias 44:20 KJV)*** Si Zimri nang dalhin niya si Cozbi sa kanyang tolda, ito'y dios-diosan sa kamay niya. Kailangan nating linisin ang simbahan ng Dios mula sa anumang magdudulot ng kasinungalingan at gawain ng diablo sa kalagitnaan natin para bumalik sa atin ang kapayapaan. Kailangan nating maging mas kamalayan kapag nakita natin ang simbahan ay napaka mapagmalasakit tungkol sa musika (Zimri) dahil sa kasinungalingan (Cozbi) ay hindi malayo.

***7. Kailangan nating magalit sa mga bulaang guro at ang mga nagpasimula ng masasamang bagay laban sa simbahan ng Dios at sa Kanyang bayan: "16 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 17 Bagabagin ninyo ang mga Madianita, at inyong saktan sila: 18 Sapagka't kanilang binagabag kayo ng kanilang mga lalang na kanilang ipinangdaya sa inyo sa bagay ng Peor, at sa bagay ni Cozbi, na anak na babae ng prinsipe sa Madian, na kanilang kapatid na namatay nang kaarawan ng salot dahil sa Peor." (Bilang 25:16-18 KJV)*** Ang mensahe sa iyong mga kamay ay isang panindigan kasama ng Dios laban sa lahat ng sumusubok na lumapit sa kalagitnaan at dalhin ang kasalanan at makikopromiso at baliin ang tipan ng kapayapaan na tinanggap natin mula kay Jesus habang tayo'y nagpapatuloy na sumunod sa Kanyang kalooban, sa Kanyang Salita, at sa Kanyang plano.

***"11 Pinawi ni Phinees na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ang aking galit sa mga anak ni Israel, sa paraang siya'y nagsikap dahil sa aking pagsisikap sa kanila, na anopa't hindi ko nilipol ang mga anak ni Israel sa aking sikap." (Bilang 25:11 KJV)*** Ang kahulugan ng Aaron ay "nagdadala ng liwanag', si Aaron, bilang tagapagdala ng liwanag, ang una sa kanyang pamilya na masangkot sa paglilingkod sa Dios. Ang kanyang apat na mga anak, Nadab, Abihu, Eleazar, at Itamar ay nasangkot sa paglilingkod sa Panginoon. Ang kahulugan ng Nadab ay 'mapagbigay'. Ang kahulugan ng 'Abihu' ay 'siya ang aking ama'.Ang kahulugan ng 'Eleazar' ay 'Tinulungan ng Dios'. Ang kahulugan ng Itamar ay 'baybayin ng mga palad'. Ang lahat ng mga pangalang ito ay kaugnay sa Dios at sa mga mabuting bagay na ginawa Niya sa buhay ng Kanyang bayan. Si Aaron, ang tagapagdala ng ilaw, ang unang salinlahi, at ang kanyang apat na anak ang ikalawang salinlahi sa paglilingkod sa Panginoon. Ngunit si Pinehas ang ikatlong salinlahi sa pamilya sa paglilingkod sa Panginoon, at ang kahulugan ng Phineeas ay 'bibig ng tanso' at ito ay isang kakaibang pangalan. Kung may makikilala tayong nagngangalang 'bibig ng tanso' ang kanyang anak ay tiyak na tatanungin natin siya tungkol sa kahulugan ng kakaiba at kasiya-siyang pangalan. May dahilan siguro kung bakit ibinigay ang naturang pangalan na may ganoong kahulugan. Ang mga saserdote ayon sa ***Malakias 2:7*** Siya ang bibig ng Dios: ***"Sapagka't ang mga labi ng saserdote ay dapat mangagingat ng kaalaman, at kanilang marapat hanapin ang kautusan sa kaniyang bibig; sapagka't siya ang sugo ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakias 2:7 KJV)*** Ang Phinees ay tinawag na bibig ng tanso, maaaring nangangahulugan ito ng isang bibig na hindi mo maaaring baluktutin, at ito ay tiyak na sinalita ang Salita ng Dios sa isang tumpak na paraan. Si Phinees ang ikatlong salinlahi na lingkod ng Dios sa pamilya ni Aaron, at ang Kanyang ministeryo ay inaasahang higit na magbibigay karangalan sa Dios kaysa sa mga tao. Hinanap ko ang Kasulatan at ang kasaysayan upang malaman kung bakit pinangalanan ni Eleazar ang kanyang anak na si Phinees na 'bibig na tanso'. Maaaring ganito ang pangalan ni Eleazar sa

kanyang anak na lalaki na nakikitang masigasig niyang gagampanan ang kanyang ministeryo sa Panginoon. O maaaring tulad ng naisip ko na ang isang masakit na pangyayari na dumaan sa buhay ni Eleazar na pinaranas sa kanya ng Diyos sa mas seryosong paraan na mas nagpahikayat sa kanya at nagpaunawa sa kanya na ang paglapit sa Dios ay hindi tungkol sa pagtanggap ng higit na kaginhawahan at pribilehiyo ngunit ito ay higit na tungkol sa pagpapahalaga sa paglilingkod upang igalang ang Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang Salita at Kanyang tuntunin buo.

Sa ***Levitico 10*** ay sinalita ang tungkol sa masakit na pangyayari na dumaan sa pamilya ni Aaron at kung paano sila dinisiplina nang seryoso ng Panginoon para sa ilang pag-uugali na nakamit nila matapos ang pangyayari ng alintuntunin ni Aaron at ng kanyang mga anak na maglingkod sa Dios sa tabernakulo, at maaaring ang pangyayaring iyon ang nag-ambag sa pangalang ibinigay kay Phinees ng kanyang amang si Eleazar: ***"1 At si Nadab at si Abiu, na mga anak ni Aaron, ay kumuha ang bawa't isa sa kanila ng kanikaniyang suuban, at sinidlan nila ng apoy, at pinatungan ng kamangyan, at sila'y naghandog sa harap ng Panginoon ng ibang apoy na hindi iniutos niya sa kanila. 2 At sa harap ng Panginoon ay may lumabas na apoy, at sinupok sila; at namatay sila sa harap ng Panginoon. 3 Nang magkagayo'y sinabi ni Moises kay Aaron, Ito ang sinalita ng Panginoon, na sinasabi, Ako'y babanalin ng mga lumalapit sa akin, at sa harap ng buong bayan ay luluwalhatiin ako. At si Aaron ay hindi umimik. 4 At tinawag ni Moises si Misael at si Elzaphan, na mga anak ni Uziel na amain ni Aaron, at sa kanila'y sinabi, Magsilapit kayo, ilabas ninyo ang inyong mga kapatid sa kampamento mula sa harap ng santuario. 5 Sa gayo'y lumapit sila, at kanilang binuhat sa kanilang mga kasuutan na inilabas sa kampamento, gaya ng sinabi ni Moises. 6 At sinabi ni Moises kay Aaron, at kay Eleazar at kay Itamar na kaniyang mga anak, Huwag ninyong ilugay ang buhok ng inyong ulo, o hapakin man ninyo ang inyong bihisan; upang huwag kayong mamatay at ng siya'y huwag magalit laban sa buong kapisanan: kundi ang inyong mga kapatid, ang buong sangbahayan ni Israel ay tumaghoy sa apoy na pinapagalab ng Panginoon. 7 At huwag kayong lalabas sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, baka kayo'y mamatay: sapagka't ang langis na pang-pahid ng Panginoon ay nasa ulo ninyo. At kanilang ginawa ayon sa salita ni Moises." (Levitico 10:1-7 KJV)*** Nasaksihan ni Eleazar ang kamatayan ng kanyang dalawang kapatid, si Nadab at Abihu, sila'y namatay sa pamamagitan ng apoy mula sa Panginoon, at hindi siya pinahintulutang magdalamhati para sa kanila ni umalis sa tabernakulo upang ilibing sila. Masakit na pangyayari tulad ng kapag ang Dios ay kumilos upang luwalhatiin ang Kanyang sarili, tulad ng sinabi ni Moises kay Aaron, ***"3 Nang magkagayo'y sinabi ni Moises kay Aaron, Ito ang sinalita ng Panginoon, na sinasabi, Ako'y babanalin ng mga lumalapit sa akin, at sa harap ng buong bayan ay luluwalhatiin ako. At si Aaron ay hindi umimik." (Levitico 10:3 KJV)*** Ang gayong mga bagay ay gagawin ng Dios ay papanatilihin ang malaki at hindi malilimutang epekto sa buhay ng mga kaluluwang nakasaksi sa gayong mga pangyayari.

Si Eleazar ay ang pangalawang salinlahi ng mga lingkod ng Dios sa Kanyang pamilya. Kaya't ang ikalawang salinlahing mga Cristiano ay dapat gamitin ang lahat ng mga pagkakataon upang makilalang mabuti ang Dios at mapalapit sa Kanya. * Dapat seryosohin ng mga Cristiyano sa ikalawang salinlahi ang Salita ng Dios at seryosohin ang kanilang buhay at ituro at itanim sa buhay ng kanilang mga anak upang ang Panginoon ay parangalan sa buhay ng ikatlong salinlahi.

Ang kahulugan ng 'Nadab' ay 'mapagbigay'. Ang kahulugan ng 'Abihu' ay 'siya ang aking ama'.Ang kahulugan ng 'Eleazar' ay 'Tinulungan ng Dios'. Ang kahulugan ng Itamar ay 'baybayin ng mga palad'. Ang kahulugan ng mga naglibing kina Nadab at Abihu, 'Mishael' ay 'sino ano ang Dios ay': ang kahulugan ng Elzapham' ay 'ipinagtanggol ng aking Dios', Ang kahulugan ng 'Uzziel' ay 'ang aking lakas ay nasa Dios'. Ang lahat ng pangalan ay sa ikalawang salinlahi na nagsalita tungkol sa kabutihan ng Dios, ngunit kailangang matakot ng mga tao sa Dios at manginig sa Kanya at lumakad naayon sa Kanyang mga alintuntunin at mga palatuntunan upang ang poot ng Dios ay mapigilan dahil sa kasalanan at ang kapayapaan ay mamahala sa gitna ng ating mga pamilya at kapisanan.

***Sa aking mahal at minamahal: **** Ang mga pangalan at tao na may pagkilos gaya ni Phinees ay ang kaluwalhatian ng Dios at ang uri ng mga lingkod at mga ministerio na kailangan ng simbahan ngayon upang ang pangalan ng Dios ay katakutan at ang Kanyang Salita ay ipamuhay at ang Kanyang kapayapaan ay maghari. * Kailangan talaga nating magkaroon ng tatlong uri ng pangalan at pagkilos sa simbahan ng Dios; upang dalhin ang liwanag, upang maangkin ang mga pangako ng Dios at magtiwala sa Kanya na Siya ang tutulong, at hindi upang kalimutan na gumamit ng isang bibig na tanso na magsasalita ng tumpak na Salita upang itama, upang sawayin at harapin ang mga kasalanan upang maihatid natin ang kapayapaan ni Jesus sa simbahan ng Dios at sa Kanyang sambahayan. Tayo ay manalangin…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagawa kong maunawaan ang daan upang tanggapin ang kapayapaan mula sa iyo. Panginoon salamat para sa iyong aral at pagpapayong natanggap ko mula sa iyo sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi at talikdan ang iyong pakikikompromiso, kasinungalingan, at pagpapapuri. Magsisi sa pagpayag at pagtatakip ng mga kasalanan upang pasiyahin ang mga tao. Magsisi sa iyong pagnanasa at imoralidad sa anyo ng pagkikipagtagpo, panliligaw, kasintahang lalaki, kasintahang babae, pagbabati, ponograpiya, diborsyo, at pag aasawang muli, pagsasama ng di kasal, pag aasawa ng mga solong mga magulang sa hindi ama o ina ng kanyang anak o mga anak. Magsisi sa pagkatakot sa tao at iyong kakulangan sa pagkatakot sa Dios, Magsisi at talikdan ang iyong kamunduhan, ang iyong pagibig sa salapi, at materyal na mga bagay. Magsisi sa iyong kakulangang magbasa ng Salita ng Dios, buhay pananalangin at pakikisama sa mga hindi mananampalataya at pagsasayang ng iyong oras sa Media, mga Balita at laro. Magsisi sa lahat ng iyong mga dios-diosan at maling mga bagay na ginagawa mo na salungat sa Salita ng Dios at ng Kanyang kalooban. Panginoon patawarin ako ako'y nagsisi sa sumusunod na mga kasalanan* ________________________

*Panginoon ipinangako ko ang aking buhay sa mga alintuntunin ng iyong Salita upang linisin ang aking sarili, ang aking pamilya at ang iyong simbahan mula sa mga kasalanan na pinag usapan natin sa mensaheng ito.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at bumalik sa iyo at handang baguhin ang kanilang mga landas, Panginoon dalhin ang kapayapaan sa kanilang buhay at gamitin sila upang linisin ang kanilang pamilya at ang ministerio na nakapaloob sila mula sa lahat ng mga kasalanan na nabanggit sa mensaheng ito. Panginoon patuloy kaming sawayin at ituwid ang mga hindi pa nagsisi.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan habang patuloy kaming naglilingkod sa iyo paglaban sa mga kasalanan ng imoralidad at mga pagsamba sa dios-diosan sa kalagitnaan ng iyong bayan. Panginoon ilantad ang mga kasalanan at tulungan kami na harapin nang matalino sa mga nasasangkot sa mga ito. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at patnubayn kami at paging dapatin kami na abutin ang bagong mga tao, gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Kapayapaan ng Dios Yugto 2. Malakias 2:1-9. 2 Pedro 1:2, 9. Mga Bilang 25:1-18. Isaias 44:20. Levitico 10:1-7

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com